

Pagsusuri para sa COVID-19

Patuloy na nagtatrabaho ang Department of Health (DOH, Departamento ng Kalusugan) sa Estado ng Washington para pabagalin ang pagkalat ng COVID-19. Isang malaking bahagi ng pagsisikap na iyon ay ang pagsusuri sa mga tao para sa COVID-19.

Sino ang maaaring masuri para sa COVID-19?

Dapat magpasuri ang sinumang nag-aalala na ang mga sintomas nila ay maaaring COVID-19. Inirerekomenda ng DOH ang pagsusuri sa:

- Sinumang may kahit banayad na sintomas lamang na parang COVID-19 (ubo, lagnat o panginginig, pangangapos ng hininga o kahirapang huminga, pananakit ng katawan, sakit sa ulo, masakit na lalamunan, o bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy).
- Mga taong may posibilidad na nalantad sa sakit, tulad ng mga taong nagkaroon ng malapit na pakikisalamuha sa isang taong may COVID-19, o mga nalantad sa pamamagitan isang malaking paglaganap o outbreak ng sakit.
- Ang malapit na pakikisalamuha ay kapag ang isang tao ay nasa 6 na talampakan (2 metro) o mas malapit pa sa isang taong may impeksiyon ng COVID-19 sa loob ng 15 minuto o higit pa. [Ano ang gagawin kapag may posibilidad na nalantad ka sa isang taong may COVID-19.](#)

Mayroon akong mga banayad na sintomas. Kailangan ko ba ng pagsusuri para sa COVID-19?

- [Oo, magpasuri kahit na banayad lamang ang iyong mga sintomas.](#)
- Kung mayroon kang lagnat, ubo, o anuman sa iba pang mga sintomas sa itaas, mas mabuting kumilos na parang COVID-19 ito at magpasuri. Kung dapat kang maging nasa paligid ng ibang tao, [dapat kang magsuot ng mask](#). Protektahan ang ibang tao sa pamamagitan ng pananatili sa tahanan.
- Kung sa tingin mo ay maaaring mayroon kang COVID-19, tawagan ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para talakayin ang pagpapasuri para sa COVID-19 at iba pang posibleng dahilan para sa iyong sakit.
- Kung wala kang provider ng pangangalagang pangkalusugan, makipag-ugnayan sa isang klinika para sa agarang pangangalaga (urgent care clinic) na malapit sa iyo. Kung wala kang insurance sa kalusugan, makipag-ugnayan sa iyong lokal na hurisdiksyon ng kalusugan.

Saan ako makakakuha ng pagsusuri para sa COVID-19?

Makakapagpasuri sa iba't ibang lugar sa buong Washington. Maaari kang makagawa ng appointment sa pamamagitan ng iyong medikal na provider o sumangguni sa iyong [lokal na hurisdiksyon ng kalusugan](#) (sa wikang Ingles lamang). Tumawag bago ka pumunta, para makapaghanda ang team para sa iyong pagdating at para makagawa sila ng mga pag-iingat pa maprotektahan ang iba. Tiyaking magsuot ng pantakip sa mukha sa panahon ng iyong pagbisita.

Gaano katagal bago makuha ang mga resulta?

Depende ito sa uri ng pagsusuring kukunin mo at sa kung aling lab ito ipapadala ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa pagsusuri. Maaaring lumabas ang mga resulta nang kasimbilis ng 10 minuto o maaaring magtagal nang ilang araw dahil ang ilang mga lab na nagpoproseso ng mga pagsusuri ay may backlog. Hanggang matanggap mo ang mga resulta, dapat kang manatili sa iyong tahanan at nang malayo sa ibang tao bilang pag-iingat kung sakaling mayroon kang impeksiyon.

Ano ang ibig sabihin ng positibong resulta ng pagsusuri?

Kinukumpirma ng positibong resulta ng pagsusuri na mayroon o kamakailan ay nagkaroon ang pasyente ng COVID-19. Kung nakatanggap ka ng diagnosis ng COVID-19 o pinaghihinalaan na mayroon kang COVID-19, sundin ang mga hakbang na ito para maiwasan ang pagkalat ng sakit at protektahan ang iyong komunidad: [Ano ang gagawin kapag mayroon kang kumpirmado o pinaghihinalaang sakit na coronavirus \(COVID-19\) \(PDF\)](#).

Ano ang ibig sabihin ng negatibong pagsusuri?

Maaaring mangahulugan ang negatibong resulta ng pagsusuri na walang impeksiyon ang pasyente noong kinolekta ang kanyang sample. Gayunpaman, hindi tinatanggal ng negatibong resulta ang posibilidad na mayroong COVID-19. Maaaring magtagal ng humigit-kumulang limang araw pagkatapos malantad ang isang tao sa virus para magkaroon ng sapat na virus na makikita sa isang sample mula sa ilong at mahahanap ng pagsusuring ito. Kaya, maaaring mayroon ka nito, ngunit maaaring hindi ito maipakita ng pagsusuri agad.

Ano ba talaga ang isang pagsusuri para sa COVID-19?

Ang pagsusuri para sa COVID-19 ay parang isang pagsusuri para sa flu. Maglalagay ang isang provider ng pangangalagang pangkalusugan ng swab sa ilong. Pagkatapos noon, ibabalot nila ang sample at ipapadala ito sa isang naaangkop na pasilidad ng pagsusuri na nasa estado. Maaaring magtagal ang pagpapadala ng mula 4 hanggang 48 oras, depende sa layo ng tanggapan ng provider at ng lab.

Magkano ang pagsusuri?

Kung sinusuri ka dahil mayroon kang mga sintomas o naging malapit na kasalamuha ka ng isang taong may COVID-19, dapat ay wala kang bayaran para sa pagsusuri, may insurance ka man o wala. Inaatas ng Insurance Commissioner (Komisyonado sa Seguro) ng estado sa mga insurer na tanggalin ang mga co-pay at deductible para sa pagsusuri para sa COVID-19.

Kung wala kang insurance sa kalusugan, makipag-ugnayan sa Health Plan Finder Support Center (Sentro ng Suporta para sa Paghahanap ng Planong Pangkalusugan) sa [Washington Health Benefit Exchange \(Merkado ng Mga Benepisyong Pangkalusugan ng Washington\)](#) para malaman kung kwalipikado ka para sa libheng saklaw ng kalusugan (Apple Health, programang Medicaid ng Washington) o kung kwalipikado kang bumili ng indibidwal na insurance sa kalusugan sa ilalim ng mga partikular na sitwasyon. Ang numero sa telepono ay 855-923-4633.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga resulta ng iyong pagsusuri para sa COVID-19, makipag-ugnayan sa iyong medikal na provider.

Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19, bisitahin ang [webpage ukol sa COVID-19 ng Department of Health](#) ng estado.